Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Laguna
**BAYAN NG SANTA CRUZ**

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG BAYAN

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS SA BATASANG BAYAN NOONG IKA-13 NG MARSO, 2002, ARAW NG MIYERKULES, SA GANAP NA IKA-9:30 NG UMAGA.

*DUMALO:*

| | |
|---|---|
| Kgg. Florencio C. Odejar | Kagawad<br>*Gumanap na Tagapangulo* |
| Kgg. Louie C. de Leon | Kagawad |
| Kgg. Bernardo E. Ison | Kagawad |
| Kgg. Roselon F. Pamatmat | Kagawad |
| Kgg. Edgardo T. Porca | Kagawad |
| Kgg. Eugenio A. Javier, Jr. | Kagawad |
| Kgg. Ricardo B. Ramirez | Kagawad |
| Kgg. Angelito U. Limjuco | Kagawad |
| Kgg. Jeffrey A. Villaseñor | Kagawad |

DI-DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. ARIEL T. MAGCALAS | PANG. PUNONG BAYAN |
| Kgg. Purita P. Sarmiento | Kagawad |

*KAPASIYAHAN BLG. 104-T'2002*

*KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAHILINGAN NI G. AL ISLA NA MAKAPAGDAOS NG THREE-COCK DERBY SA IKA-2 AT IKA-3 NG ABRIL, 2002 SA ARGEM SPORTS COLISEUM, AYON SA PAGSUNOD SA MGA PANUNTUNAN SA PAGPAPASABONG SA BAYANG ITO.*

*SAPAGKA'T,* iniharap at tinalakay ng sangguniang ito ang kahilingan ni G. Al Isla na makapagdaos ng pasabong (3-cock derby) sa ika-2 at ika-3 ng Abril, 2002 sa Argem Sports Coliseum , Barangay Bubukal ng bayang ito

*SAPAGKA'T,* matapos ang pagtalakay at malaman na ang bahagi ng kikitain ay iuukol bilang suporta sa pagdiriwang ng ika-400 anibersaryo ng pagkakatatag ng bayang ito ay iminungkahi ng isa sa mga kasapi ng Lupon sa Libangan na pagtibayin na ang kahilingang nabanggit;

*KUNG KAYA'T, DAHIL DITO,* sa mungkahi ng Kgg. Kag. Ricardo B. Ramirez, na pinangalawahan ng Kgg. Kag. Roselon F. Pamatmat at sa buong pagsang-ayon at pagkakaisa ng lahat na ngayo'y kaharap, ay

*PINAGPASIYAHAN:* Na pagtibayin ang kahilingan ni G. Al Isla na makapagdaos ng three-cock derby sa ika-2 at ika-3 ng Abril, 2002 sa Argem Sports Coliseum, ayon sa pagsunod sa mga panuntunan sa pagpapasabong sa bayang ito.

*INIUUTOS:* Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kgg. Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Kagawaran ng Pulisya at G. Al Isla, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

*PINAGTITIBAY.*

*PINATUTUNAYAN* kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

JEANETTE P. ALFONSO
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATUTOO:

KGG. FLORENCIO C. ODEJAR
Kagawad
*Gumanap na Tagapangulo*

PINAGTIBAY:

KGG. INHR. DOMINGO G. PANGANIBAN
Punong Bayan